



MANATILING UP-TO-DATE SA **COVID19.CA.GOV**

MGA TIP SA KALIGTASAN PARA SA WILDFIRE + COVID-19



FIL

FILIPINO

MAKUKUHA RIN SA:

English
Español
中文
Tiếng Việt
한국어
Lus Hmoob



MGA SERBISYO
SA EMERGENCY NG
TANGGAPAN NG
GOBERNADOR:
CalOES.ca.gov



KAGAWARAN
NG AGHAM
PANGKAGUBATAN
AT PROTEKSYON
SA SUNOG NG
CALIFORNIA:
Fire.ca.gov



KAGAWARAN
NG PAMPUBLIKONG
KALUSUGAN NG
CALIFORNIA:
CDPH.ca.gov

MGA TIP SA KALIGTASAN PARA SA WILDFIRE + COVID-19

Kung alam ninyo na isang wildfire ang patungo sa inyong lugar, ang pinakamabuting gawin ay ang umalis kaagad.

Kung kayo ay nakatira sa isang lugar na mataas ang panganib sa wildfire, maghanda nang maaga para sa paglikas at manatiling ligtas mula sa **COVID-19**.

Maging handa sa wildfire bago ito tumama sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tip na ito sa kampanyang *Ready, Set, Go!* ng **CAL FIRE**.

ALAMIN ANG INYONG MGA ALERTO



Red Flag Day: Ang panahon na maaaring humantong sa napakatinding sunog. Maghanda **NGAYON**.



Babala ng Paglikas: Potensyal na banta sa buhay at/o ari-arian. Kung kailangan ninyo ng karagdang oras upang lumikas o may mga alagang hayop o hayop na pambukid na ililikas, dapat kayong umalis kapag ang isang Babala ng Paglikas ay inilabas.



Utos ng Paglikas: Agarang banta sa buhay. Ito ay utos na naayon sa batas upang umalis ngayon. Umalis kaagad. Ang lugar ay pinapayagan ng batas na isara sa pampublikong pag-access.

Sa paglikas nang maaga, binibigyan ninyo ang inyong pamilya ng pinakamabuting pagkakataon na makaligtas sa isang wildfire. Tinutulungan din ninyo ang iba pa sa pamamagitan ng pagpapanatiling maluwag ng mga kalsada at pinapayagan ang mga bumbero na tumugon sa aktibong emergency.

✓ **BE READY**

MAGHANDA SA BAHAY



Panatilihin malayo sa inyong pag-aari ang tumpok ng dayami, mga damo, mga tuyong dahon, materyal na madaling magliyab, lalo na sa loob ng 30-talampakang radius paikot ng inyong bahay.

Panatilihin nadidiligan ang lahat ng halaman sa paligid upang maiwasang matuyo ang inyong bakuran.

Lagyan ng harang o takpan ang anumang singawan o mga puwang upang makatulong na iwasan ang pagpasok ng mga nakalutang na baga sa inyong bahay.

30ft

Tiyakin na ang lahat ng nabibitbit na mga kagamitan na pinapatakbo ng gasolina ay nilagyan ng mga spark arrester. Gamitin ang kagamitang katulad ng lawn mowers, chain saws, grinders at mga traktora nang may matinding pag-iingat. Ang mga blade na bakal na tumatama sa mga bato ay maaaring lumikha ng kislap at magsimula ng mga sunog sa tuyong damo.

Kung kayo ay nakatira sa isang apartment, alamin mula sa pamunuan ng gusali ang tungkol sa plano ng kaligtasan at paglikas sa inyong gusali.



✓ GET SET

KUMUHA NG MGA ALERTO

- ✓ Mag-sign up sa CalAlerts.org/signup.html para sa mga alertong pang-emergency na ipapadala sa inyong telepono.
- ✓ Mag-sign up para sa mga alertong pang-emergency sa inyong mga county kung saan kayo kasalukuyang nakatira at nagtatrabaho.
- ✓ Kung kayo ay gumagamit ng social media, sundan ang [@CAL_FIRE](https://twitter.com/CAL_FIRE) sa Twitter.



MAGPLANO

Gumawa ng isang listahan ng kontak na may mga pangalan at numero ng telepono ng inyong pamilya at mga taong inyong inaalala. Magkaroon ng isang tao sa inyong listahan na mula sa labas ng lugar kung saan kayo nakatira. Kayo, ang inyong pamilya, at ang iba pa sa inyong listahan ng kontak ay maaaring kumustahin kung ligtas ang kamag-anak o kaibigan na iyon na nasa malayo at ibahagi ang inyong kinaroroonan. Bigyan ang bawat isa sa inyong listahan ng kontak ng isang kopya ng listahan.



Pumili ng mga lugar ng pagkikita sa labas ng inyong komunidad upang magsamang muli kung nagkahiwalay ang inyong pamilya at hindi makakauwi. Tiyakin na alam ng lahat kung saan ang lugar ng pagkikita at sanayin ang pagpunta roon.



Alamin ang plano ng paglikas ng inyong komunidad mula sa mga lokal na opisyal at tukuyin ang inyong mga ruta ng paglikas. Markahan ang maraming ruta ng pagtakas sa isang mapang papel sakaling kayo ay walang serbisyo ng cell phone. Sanayin ang mga rutang ito gamit ang transportasyon na inyong sasakyan sa isang paglikas sa wildfire.



Planuhin kung saan kayo mananatili kung kailangan ninyong umalis ng bahay. Magdesisyon kung ito ba ay ligtas, at posible, na makapunta sa bahay ng kapamilya o mga kaibigan.

Alamin sa mga kaibigan o kamag-anak na maaari ninyong makasama kung sila ay may mga sintomas ng **COVID-19** o nasa mataas na panganib ng seryosong sakit. Gumawa ng iba pang pag-aayos kung kailangan.



Alamin kung ang lahat ay pinapatuloy sa mga kanlungang pang-emergency. Sa ilalim ng batas ng estado ng California, ang lahat ng pampublikong kanlungan ay dapat nararating at walang sinuman na nagpapatakbo ng isang kanlungan ng paglikas ang maaaring humingi sa inyo ng inyong pagkakakilanlan.

MAGPLANO PARA SA INYONG MGA ALAGANG HAYOP

Tawagan ang inyong lokal na makataong samahan o organisasyon ng pagligtas sa hayop tungkol sa pagkakanlong ng inyong alagang hayop kung kailangan ninyong lumikas at kailangan ng isang lugar na matutuluyan para sa inyong alagang hayop.



Tiyakin na ang lahat ng alagang hayop ay nakasuot ng mga collar at tag na may up-to-date na impormasyon ng pagkakakilanlan at anumang agarang medikal na pangangailangan. Lagyan ng microchip ang inyong mga alagang hayop bilang isang mas permanenteng uri ng pagkakakilanlan.

Ipasok sa loob ng bahay ang mga alagang hayop sa unang palatandaan o babala ng isang bagyo o kalamidad.

Mag-impake ng isang **Go Bag** para sa inyong alagang hayop na may pagkain, tubig, pinggan, mga bag ng basura, mga kopya ng medikal na rekord ng alagang hayop at pagbabakuna, anumang mga medikasyon, mga pamunas na pangdisimpekta at sahurang ng dumi o kadena kung kailangan.



Magkaroon ng nakahandang crate o carrier na may pangalan ng inyong alagang hayop, pangalan ninyo at impormasyon ng kontak na nakasulat dito.

Magkaroon ng bagong litrato ng inyong mga alagang hayop (sakaling magkahiwalay kayo at kailangang gumawa ng mga karatulang "Lost").



✓ GET SET

HUMINGI NG TULONG UPANG MAGPLANO

Ang karamdaman o kapansanan ay magagawang mas mahirap sa inyo at sa taong inyong inaalagaan na makaligtas sa isang wildfire. Humingi ng tulong upang magplano:


- ✓ Magdesisyon kung ano ang inyong gagawin sa inyong sarili at kung anong tulong ang maaari ninyong kailanganin.
- ✓ Makipag-usap sa miyembro ng inyong pamilya o kapitbahay na maaaring tumulong sa inyo sa paggawa ng plano.
- ✓ Makipag-ugnayan sa isang organisasyon ng pananampalataya o iba pang grupo sa komunidad na maaaring makatulong sa inyo.
- ✓ Alamin sa inyong tanggapan ng pamamahala sa emergency ang tungkol sa kung ano ang mga programa sa espesyal na tulong ang makukuha sa inyong komunidad upang makuha ng tulong na inyong kailangan sa isang emergency.
- ✓ Kung kayo ay umaasa sa koryente para sa isang kondisyong medikal, tiyakin na magpatala sa kumpanya ng inyong utility. Kontakin din ang lokal na organisasyon ng kalusugan, pagtanda o kapansanan, tungkol sa mga opsyon katulad ng paghiram ng generator o reserbang baterya, nang walang gastos.
- ✓ Bumuo ng isang network nang hindi bababa sa 4 o 5 tao na inyong maaasahan.



MAG-IMPAKE NG ISANG GO BAG

Mag-impake ng mga importanteng bagay ngayon, upang kayo at ang inyong pamilya ay magkaroon ng kung ano ang inyong kailangan kung kailangan ninyong umalis nang madalian:

- ✓ Mga kopya ng importanteng mga dokumento (pagkakakilanlan, insurance, legal)
- ✓ Ang inyong listahan ng kontak at isang markadong mapa na may mga ruta ng pagpunta sa mga lugar ng pagkikita
- ✓ Isang listahan o mga kopya ng lahat ng reseta na iniinom ng mga miyembro ng pamilya
- ✓ Kaunting cash
- ✓ Isang listahan ng kung ano ang inyong kukunin habang kayo ay umaalis, kabilang ang:
 - Mga susi, pitaka
 - Mga telepono, laptop at charger
 - Mga medikasyon at aparatong medikal
 - Isang nabibitbit na radyo upang kayo ay manatiling updated sa sunog
 - Mga litrato at hindi mapapalitang mga item
 - Personal na mga item na hindi maaaring hindi ninyo gamitin o ng miyembro ng pamilya



Tiyakin na ang bawat isa ay may kahit isang mask na tumatakip sa ilong at bibig. Mag-impake ng sanitizer ng kamay at mga pamahid na pangdisimpekta kung posible.

Magkaroon ng isang bote ng tubig para sa bawat isa at ilang mapapapak at madaling kainin, katulad ng granola o protein bars.

Mag-impake ng hiwalay na bag para sa bawat miyembro ng inyong pamilya, kasama ang mga alagang hayop. Tiyakin na ang lahat ay may sapat na mga damit at suplay upang maging ligtas at komportable.



✓ BE READY TO GO!

KAPAG ANG ISANG WILDFIRE AY NASA INYONG LUGAR

Maghanda sa Paglikas

Kapag ang mga kondisyon ay mausok, maghanap ng isang lugar sa loob. Ang usok ng wildfire ay makakaapekto sa inyong kalusugan. Kahit na kailangan ninyo ito para sa **COVID-19**, ang mga mask na tela o mga bandana ay hindi nagbibigay ng sapat na proteksyon sa usok ng wildfire.

Magplano para sa pagkawala ng koryente. Tiyakin na ang inyong telepono ay lubos na nai-charge. Maghanda ng mga flashlight o pailaw—huwag gumamit ng mga kandila.

Itago ang isang pares nang matibay na sapatos at flashlight malapit sa inyong kama sa kaso ng isang biglaang paglikas sa gabi.

Panatilihin sa kahit na kalahati ang gasolina sa tangke ng inyong sasakyan o magkaroon ng transportasyong inihanda sa paglikas.

Kung kayo ay may isang de-koryenteng tagabukas ng pintuan ng garahe, alamin kung paano bubuksan ang pinto kung walang koryente. Kung hindi posible na pisikal ninyo mismong buksan ang pinto, igarahe ang sasakyan sa labas habang may koryente pa. Tiyakin na ito ay nakaharap sa kalye upang walang abala sa pag-alis sa lugar.

Makinig sa mga anunsyo mula sa mga tauhang pang-emergency at kung hindi pa kayo nakaaalis, umalis kaagad kapag ang paglikas ay iniutos.

Protektahan ang inyong sarili laban sa init at mga lumilipad na бага sa pamamagitan ng pantalon, mahabang mga manggas at sombrero.

Kapag kinumusta ninyo ang mga kapitbahay bago ang paglikas, manatiling malayo nang hindi bababa sa 6 na talampakan.

Kung may oras bago kayo kailangang lumikas:

- ✓ Alisin ang mga ihawan, mga tangke ng propane, o iba pang mga materyales na madaling masunog mula sa mga balkonahe at bakuran.
- ✓ Patayin ang natural gas, propane, o mga suplay ng langis na panggatong.
- ✓ Pababain ang panganib ng pagkuha sa mga lumulutang na бага sa pamamagitan ng pagbabasa sa inyong bubungan.
- ✓ Iwanang konektado ang hose sa inyong hardin.
- ✓ Isara ang lahat ng pinto at bintana.
- ✓ Iwanang nakabukas ang ilaw kapag kayo ay aalis upang makita ng mga bumbero ang inyong bahay.

Maghanda sa Kanlungan


Makinig nang mabuti sa mga opisyal ng lokal na emergency tungkol sa kung saan pupunta kung kailangan ninyo ng kanlungan. Dahil sa mga pangangailangan ng **COVID-19** at social distancing, ang ilang mga kanlungan ay hindi maaaring tumanggap ng maraming tao.

Protektahan ang inyong sarili at iba pa habang nasa isang pampublikong kanlungan.

- ✓ Magsuot ng mask at manatili nang 6 na talampakan mula sa iba pang tao na labas sa inyong sambahayan.
- ✓ Hugasan ang inyong mga kamay nang madalas, takpan ang mga pag-ubo at pagbahin, at iwasang makisalo sa pagkain at inumin sa sinuman kung posible.
- ✓ Iwasan ang paghipo sa mga ibabaw na lugar na madalas hawakan, katulad ng mga handrail, hangga't maaari.
- ✓ Panatilihin malinis ang lugar na inyong tinutuluyan sa kanlungan at palaging mag-disimpekta ng mga gamit katulad ng mga laruan at mga cell phone.

Kung nakararamdam kayo ng sakit pagdating ninyo sa kanlungan o nagsimulang makaramdam ng sakit habang kayo ay naroroon, sabihan kaagad ang tauhan ng kanlungan.

Ang ilang mga sintomas, katulad ng tuyong ubo, pamamaga ng lalamunan at kahirapan sa paghinga ay maaaring maging dulot ng parehong pagkalantad sa usok ng wildfire at **COVID-19**. Ang mga sintomas katulad ng lagnat o panginginginig, pananakit ng kalamnan o katawan, at pagtatae ay hindi nauugnay sa pagkalantad sa usok.



MAGING HANDA UPANG PROTEKTAHAN ANG INYONG SARILI LABAN SA USOK AT ABO



- ! Ang usok ng wildfire ay maaaring magkaroon ng isang epekto sa inyong kalusugan, kabilang ang iritasyon sa mga mata, pananakit ng ulo, mga problema sa respiratoryo o pinalalang paulit-ulit na sakit sa puso. Ang mga taong may hika, COPD o sakit sa puso, at mga bata ay lalong nasa panganib. Manatili sa loob ng bahay kung posible.
- ! Ang mga taong kasalukuyang mayroon o nagpapagaling sa **COVID-19** ay maaaring nasa mataas na panganib ng mga epekto sa kalusugan mula sa pagkalantad sa usok ng wildfire dahil nakompromiso ang kakayahan ng puso at/o baga na nauugnay sa **COVID-19**.
- ! Ang mga respirator na N95 na walang mga balbula na labasan ng hininga ay nagbibigay ng pinakamabuting proteksyon mula sa usok ng wildfire. Ang mga mask na tela ay maaaring gamitin upang makatulong na mabawasan ang pagkalat ng **COVID-19**, ngunit hindi nakakakuha ng maliliit at nakasasamang bahagi ng usok.
- ! Tingnan ang **Fire.AirNow.gov** para sa pinakahuling impormasyon sa kalidad ng hangin. Higit pang alamin ang tungkol sa pagpapababa ng pagkalantad sa usok ng wildfire sa panahon ng **COVID-19** sa **CDC.gov/air/wildfire-smoke**.



MGA MAPAGKUKUNAN

KAGAWARAN NG AGHAM PANGKAGUBATAN AT PROTEKSYON SA SUNOG NG CALIFORNIA

[Plan.ReadyforWildfire.org](https://www.planreadyforwildfire.org)

Kumuha ng app na CAL FIRE Ready for Wildfire.

211

[211CA.org](https://www.211ca.org)

I-dial ang 211 para sa mga ruta ng paglikas, mga kanlungan.

MGA ALERTO NG CAL

[CalAlerts.org](https://www.calalerts.org)

Mag-sign up upang makakuha ng mga alerto ng inyong County.

MGA MAPAGKUKUNAN NG PAGTUGON SA WILDFIRE

[Response.ca.gov](https://www.response.ca.gov)

Real-time na mga balita sa wildfire at kanlungan.

MGA MAPAGKUKUNAN SA COVID-19



[Covid19.ca.gov](https://www.covid19.ca.gov)

[CDPH.ca.gov](https://www.cdph.ca.gov)

Impormasyon sa kalusugan at kaligtasan.

MGA SERBISYO SA EMERGENCY NG TANGGAPAN NG GOBERNADOR



[CalOES.ca.gov](https://www.caloes.ca.gov)

Mga gabay, alerto at mapagkukunan ng estado.

HANDA CALIFORNIA



[ListosCalifornia.org](https://www.listocalifornia.org)

Alamin ang tungkol sa kampanyang Kahandaan sa Emergency ng Handa California.